

**2021–2022 Task Force para sa Muling pagdidistribito ng San Francisco  
Draft na Pinal na Ulat**

**Talaan ng Mga Nilalaman**

<b>I.</b>	<b>Introduksyon.....</b>	<b>1</b>
<b>II.</b>	<b>Mga Probisyon ng Charter ng Lungsod.....</b>	<b>1</b>
<b>III.</b>	<b>Task Force at Mga Tauhan .....</b>	<b>2</b>
<b>IV.</b>	<b>Mga Pamantayan sa Muling pagdidistribito.....</b>	<b>2</b>
<b>V.</b>	<b>Mga Numero sa 2020 na Census at Populasyon .....</b>	<b>3</b>
<b>VI.</b>	<b>Gawain ng Task Force .....</b>	<b>4</b>
<b>VII.</b>	<b>Mga Konsiderasyon sa Distritong Superbisor .....</b>	<b>6</b>
<b>VIII.</b>	<b>Mga Paglihis ng Distritong Superbisor na Lampas sa 1% ng Mean.....</b>	<b>10</b>
<b>IX.</b>	<b>Mga Aral na Natutunan at Rekomendasyon .....</b>	<b>12</b>
	<b>X. Pagtatapos .....</b>	<b>16</b>

**Mga Appendix**

Pinal na Mapa at Mga Istatistika ng Distritong Superbisor

Mga Paglalarawan ng Distritong Superbisor

Mga Pahayag mula sa Mga Miyembro ng Task Force

Tanggapan ng Clerk ng Lupon ng Mga Superbisor – Ulat

Civic Edge Consulting – Outreach at Suportang Pinal na Ulat

## **2021–2022 Task Force para sa Muling pagdidistrito ng San Francisco Draft na Pinal na Ulat**

### **I. Introduksyon**

Ang Task Force para sa Muling pagdidistrito ng San Francisco (“Task Force”) ay isang pampamahalaang lupon na binigyan ng kapangyarihan ng Charter ng Lungsod at County ng San Francisco (“Charter”) para muling iguhit ang mga hangganan ng distritong superbisor. Nagtitipon ang Task Force bawat sampung taon pagkatapos ng census kada sampung taon, at responsibilidad nitong muling iguhit ang mga hangganan ng distrito para makasunod ang mga ito sa lahat ng pamantayan sa muling pagdidistrito.

Pinagtibay ng Task Force ang Pinal na Mapa na naglalaman ng mga binagong hangganan ng distritong superbisor noong Abril 28, 2022. Ang Pinal na Ulat na ito ng Task Force para sa Muling pagdidistrito ng San Francisco para sa 2021–2022 ang nagtatakda ng Pinal na Mapa at ang gawain ng Task Force para mapagtibay ito.

### **II. Mga Probisyon ng Charter ng Lungsod**

Nakasaad sa Seksyon 13.110(d) ng Charter ng Lungsod at County ng San Francisco ang mga kapangyarihan ng Task Force at ang mga kinakailangan at proseso sa muling pagguhit sa labing-isang distritong superbisor ng Lungsod.

Ayon sa Charter, sa loob ng 60 araw pagkatapos ng publikasyon ng pederal na census bawat sampung taon, dapat iulat ng Direktor ng Eleksyon sa Lupon ng Mga Superbisor kung natutugunan pa ba ng mga kasalukuyang distrito ang mga may kaugnayang pangangailangang legal. Kung matutukoy na hindi nakakasunod ang alinman sa mga distrito, dapat magtipon ang Lupon ng Mga Superbisor ayon sa ordinansa at magpondo ng task force para sa eleksyon na may siyam na tao, kung saan ang tatlong miyembro ay itatalaga ng Lupon ng Mga Superbisor, ang tatlong miyembro ay itatalaga ng Mayor, at ang tatlong miyembro ay itatalaga ng Komisyon sa Eleksyon.

Ayon sa Charter, ang mga pagkakaiba-iba ng populasyon sa pagitan ng mga distrito ay dapat limitado sa isang porsyento mula sa statistical mean maliban na lang kung kinakailangan ang mga karagdagang pagkakaiba-iba, na limitado hanggang limang porsyento ng statistical mean, para maiwasan ang pagkakahati-hati o paghina ng kapangyarihan ng boto ng mga minoridad at/o para mapanatiling buo ang mga kinikilalang komunidad. Ayon din sa Charter, kailangan ng mga distrito na sumunod sa panuntunang isang tao, isang boto, at sumasalamin ang mga komunidad na nakabatay sa interes sa San Francisco.

Ayon sa Charter, ang datos ng census, sa antas ng census block, gaya ng inilabas ng United States Census Bureau, ay dapat gamitin sa anumang pagsusuri ng mga kinakailangan ng populasyon at aplikasyon ng panuntunan ng isang tao, isang boto.

Ayon sa Charter, kailangang makumpleto ng Task Force ang muling pagguhit ng mga linya ng distrito bago ang Abril 15 sa taon kung kailan isasagawa ang unang eleksyon gamit ang mga

muling naiguhit na linya. Hindi puwedeng baguhin ng Lupon ng Mga Superbisor ang mga hangganan ng distrito na ginawa ng Task Force. Ayon sa Charter, dapat ilathala ng Abugado ng Lungsod ang paglalarawan sa mga muling iginuhit na linya ng distrito sa isang appendix ng Charter.

### **III. Task Force at Mga Tauhan**

Dahil sa mga pagkaantala sa publikasyon ng 2020 Census redistricting data ng United States Census Bureau, nagtipon ang 2021–2022 Task Force ayon sa Ordinansa 94-21 noong Hulyo 2021 bago tumanggap ng datos ng populasyon at bilang paghahanda sa pangangailanga ng muling pagdidistrito ng kahit man lang isa sa labing-isang distritong superbisor ng San Francisco pagkatapos ng 2020 census. Isinagawa ang mga appointment sa Task Force noong Hunyo at Hulyo 2021 ng tatlong tagapagtalagang awtoridad na itinakda ng Charter: ang Lupon ng Mga Superbisor, ang Mayor, at ang Komisyon sa Eleksyon.

Ang mga miyembro ng Task Force na itinalaga ng Lupon ng Mga Superbisor ay sina Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, at J. Michelle Pierce. Ang mga miyembrong itinalaga ng Mayor ay sina Matthew Castillon, Lily Ho, at Rev. Arnold Townsend. Ang mga miyembrong itinalaga ng Komisyon sa Eleksyon ay sina Raynell Cooper, Chasel Lee, at Ditka Reiner. Sa unang pulong noong Setyembre 17, 2021, ibinoto ng Task Force para sa Muling pagdidistrito si Rev. Arnold Townsend bilang Chair nito at si Ditka Reiner bilang Vice Chair.

Ang Task Force ay sinusuportahan nina Angela Calvillo, John Carroll, Wilson Ng, John Tse, Joe Adkins, Alisa Somera, Eileen McHugh, at marami pang miyembro ng staff ng Tanggapan ng Clerk ng Lupon ng Mga Superbisor (“Tanggapan ng Clerk”); Andrew Shen, Ana Flores, at Gus Guibert mula sa Tanggapan ng Abugado ng Lungsod; at Agnes Li, Arturo Cosenza, at Raymund Borres mula sa Tanggapan ng Pansibikong Pakikilahok at Kapakanan ng Mga Imigrante (Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs). Sinusuportahan ng mga staff mula sa Departamento ng Eleksyon at Tanggapan ng Pansibikong Pakikilahok at Kapakanan ng Mga Imigrante ang kanilang mga team. Suportado rin ng Departamento ng Sheriff at ng mga tanggapan nito ang Task Force. Pinili ng Departamento ng Eleksyon ang Q2 Data and Research LLC (“Q2”) para tumulong sa pagmamapa, at pinili ng Tanggapan ng Clerk ang Civic Edge Consulting para magsagawa ng outreach bago maiupo ang Task Force at bago ang unang pulong nito.

### **IV. Mga Pamantayan sa Muling pagdidistrito**

Alinsunod sa mga pederal, pang-estado, at lokal na legal na pangangailangan at ayon sa payo ng Tanggapan ng Abugado ng Lungsod, isinagawa ng Task Force ang gawain nito sa mga sumusunod na pamantayan:

- **Pantay na populasyon:** Ayon sa Equal Protection Clause ng Fourteenth Amendment ng Konstitusyon ng Estados Unidos, mga Supreme Court ruling ng Estados Unidos sa *Avery v. Midland County*, 390 U.S. 474 (1968) at mga kasunod na kaso, at Seksyon 13.110(d)

ng Charter ng Lungsod ng San Francisco, kailangang makasunod ang mga Distritong Superbisor sa panuntunang isang tao, isang boto.

- **Federal na Voting Rights Act (VRA):** Pinoprotektahan ng VRA ang kapangyarihan ng boto ng mga minoridad sa lahi at wika. Puwedeng magkaroon ng paglabag sa VRA kung hihina ang kapangyarihan ng boto ng isang minoridad sa lahi o wika sa pamamagitan ng paghihiwa-hiwalay ng grupo ng minoridad sa iba't ibang distrito para maiwasang maituon ang kanilang kapangyarihan o kaya ay sa pamamagitan ng pagsisiksik ng minoridad na grupo sa pinakakaunting distrito hangga't maaari.
- **Contiguity (Pagkakaugnay-ugnay):** Magkakaugnay dapat ang mga distrito, kung saan kalapit dapat ng lahat ng bahagi ng distrito ang ibang bahagi ng distrito. Hindi itinuturing na magkakaugnay ang mga lugar na pinaghihiwalay ng tubig at hindi konektado ng tulay, tunnel, o regular na serbisyo ng ferry.
- **Mga kinikilalang komunidad:** Ang mga kinikilalang komunidad ay nakabatay sa datos at heograpiyang kinolekta mula sa mga opisyal na mapagkukunan, gaya ng tinukoy ng Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng Mayor (Mayor's Office of Neighborhood Services). Pinapahintulutan ng Charter ang mga paglihis na lampas sa isang porsyento ng statistical mean para mapanatiling buo ang mga kinikilalang komunidad.
- **Mga komunidad na nakabatay sa interes:** Ang mga komunidad na nakabatay sa interes ay isang populasyon ng mga residenteng may magkakaparehong panlipunan, kultural, at pang-ekonomiyang interes. Hindi kasama sa mga komunidad na nakabatay sa interes ang mga ugnayan sa mga pampulitikang partido, mga nanunungkulan, o mga kandidato sa pulitika.
- **Pagiging Buo (Compactness):** Buo dapat ang mga distrito. Ayon sa Artikulo XXI, Seksyon 2 ng Konstitusyon ng California, ang pagiging buo ay kapag “hindi nalalampasan ang mga kalapit na lugar ng populasyon para sa mas malalayong populasyon.”

## V. Mga Numero sa 2020 na Census at Populasyon

Ayon sa 2020 na Census ng Estados Unidos, ang populasyon ng San Francisco ay 873,965 noong Abril 1, 2020, mas mataas ng 68,730 tao (8.53%) mula sa 2010 na Census count na 805,235 tao. Bilang pagsunod sa Fair And Inclusive Redistricting for Municipalities And Political Subdivisions Act (FAIR MAPS Act) at Code ng Eleksyon sa California Seksyon 21500, ang na-adjust na kabuuang populasyon noong 2020 para sa Muling pagdidistrito ay 874,933 tao, o 79,545 tao bawat distritong superbisor.

Hindi pantay-pantay ang paglaki ng populasyon sa nakalipas na sampung taon, kung saan nakita ang pinakamataas na paglaki sa silangang bahagi ng lungsod. Nagbunga ito ng mga paglihis ng populasyon sa kalakhan ng mga distritong superbisor na lumampas sa 5% ng statistical mean na 79,545 tao.

Distrito (2012–2022)	Populasyon (2020)	Paglihig ng Populasyon mula sa Mean
1	72,848	-8.31%
2	76,363	-3.89%
3	72,474	-8.78%
4	72,784	-8.39%
5	80,667	+1.53%
6	103,564	+30.35%
7	75,436	-5.05%
8	82,418	+3.73%
9	75,829	-4.56%
10	86,323	+8.65%
11	76,287	-3.98%

Nakita sa Distrito 6 ang pinakamataas na paglaki, kung saan may nadagdag na 29,655 tao sa nakalipas na sampung taon na humantong sa paglihig na 30.35% na mas mataas sa mean. Naunahan din ng paglaki ng Distrito 10 ang marami pang ibang lugar sa lungsod, kung saan lumaki ang populasyon nito nang lampas sa 8% ng mean. Sa kabilang banda, lumihis nang mas mababa sa 5% ng mean ang mga numero ng populasyon ng Distrito 1, 3, 4, at 7, at mas kaunti ang nabilang na mga tao sa Distrito 9 at 11 noong 2020 kaysa noong 2010.

Distrito (2012–2022)	Populasyon (2010)	Populasyon (2020)
1	69,703	72,848
2	69,544	76,363
3	70,394	72,474
4	72,498	72,784
5	74,600	80,667
6	73,909	103,564
7	72,737	75,436
8	75,746	82,418
9	76,720	75,829
10	72,566	86,323
11	76,818	76,287

## VI. Gawain ng Task Force

Isinagawa ng Task Force ang una nitong pulong noong Setyembre 17, 2021, isang araw bago ang naantalang paglabas ng datos ng 2020 Census ng United States Census Bureau at gamit ang isang remote meeting software dahil sa pandaigdigang COVID-19 pandemic at mga utos ng Mayor sa pampublikong kalusugan. Sa mga inisyal na pulong ng Task Force, naghahalal ito ng mga opisyal, pinagtibay nito ang mga panuntunan, at nagtakda ito ng iskedyul para sa mga susunod na pulong. Nakatanggap ng mga briefing ang Task Force sa mga tungkulin at kapangyarihan nito mula sa Departamento ng Eleksyon, Tanggapan ng Abugado ng Lungsod, Tanggapan ng Clerk, Q2 Data and Research LLC (“Q2”), at Civic Edge Consulting.

Nakatanggap din ng iba't ibang data set ang Task Force kabilang ang mga sosyo-ekonomikong demograpiko, mga mapa ng mga komunidad, kultural na impormasyon ng mga distrito, at mga hangganan ng distrito ng benepisyong ng komunidad (community benefit district).

Para maisagawa ang napakaraming gawain na kailangan para makumpleto ang trabaho ng Task Force, nagtalaga ito ng mga indibidwal na miyembro para pamunuan ang mga partikular na usapin. Itinalaga ang mga miyembro sa mga sumusunod na bahagi: outreach at pakikipag-ugnayan sa mga komunidad, social media at website, datos at pagmamapa, pagbabadyet, pamamahala sa input ng komunidad, at koordinasyon ng komunikasyon. Tinulungan ng Chair at Vice Chair ang mga miyembro sa kani-kanilang gawain kasabay ng kanilang mga tungkuling pamunuan at irepresenta ang Task Force bilang kabuuan.

Mataas ang naging priyoridad ng Task Force sa outreach. Umasa ang Task Force sa outreach consultant nito na Civic Edge Consulting para bumuo ng mga pang-marketing na materyal, tumukoy ng mga organisasyon sa komunidad para sa pakikipag-ugnayan, at magsagawa ng outreach sa digital na paraan gaya ng email at social media. Ang mga pagsisikap na ito ay dinagdagan ng Tanggapan ng Clerk, na may kasamang mga karatula sa bintana, mga flyer, at iba pang naka-print na materyal. Ang mga detalye ng mga ginawa ng Civic Edge Consulting at Tanggapan ng Clerk ay kasama sa kani-kanilang mga ulat sa mga apendise ng Pinal na Ulat na ito.

Lumahok din ang mga indibidwal na miyembro ng Task Force sa mga outreach na aktibidad: pakikipag-usap sa mga residente ng San Francisco, paggawa ng presentasyon sa mga organisasyong nakabase sa komunidad, at pagdalo sa mga event para makausap ang publiko tungkol sa proseso ng muling pagdidistrito. Sumali rin ang mga interesadong organisasyon at miyembro ng publiko sa pagbibigay ng impormasyon sa kani-kanilang kapitbahay at kasamahan sa komunidad tungkol sa gawain ng Task Force.

Bukod pa sa outreach, pinagtuunan din ng Task Force ang access sa wika. Naglabas ng mga naka-print na materyal sa Ingles, Chinese, Spanish, Filipino, at iba pang wika ayon sa pangangailangan, at nagbigay ng mga serbisyo sa pagsasalin para sa mga pulong ng Task Force na partikular sa distrito para sa mga nagsasalita ng Cantonese Chinese, Spanish, at Filipino. May ilan ding pulong na partikular sa distrito kung saan nagkaroon ng mga serbisyo sa pagsasalin para sa mga nagsasalita ng Mandarin Chinese, Taishanese Chinese, Vietnamese, at Russian. Noong Abril 2022, nakakuha ng pondo para sa sabayang interpretasyon ng mga pulong ng Task Force sa Cantonese Chinese at Espanyol.

Inatasan ng Task Force ang mapping consultant nito na Q2 Data and Research LLC na magbigay ng mga tool para sa pagmamapa at pagsusumite ng mga komunidad na nakabatay sa interes para makagawa ang publiko ng mga mapa ng distrito at para maisumite nila ang kanilang mga panukala sa Task Force. Alinsunod sa pag-aatas na ito, naglabas ang Q2 ng San Francisco Redistricting Tool, isang libreng online mapping tool na nagbigay-daan sa publiko na magamit ang mga parehong heograpiya at datos na mayroon ang Task Force para makagawa sila ng kanilang mga mapa ng distrito, at isang Form ng Input para sa Mga Komunidad na Nakabatay sa Interes gamit ang Airtable. May ginawa ring training video para tulungan ang mga user sa pagguhit ng mapa. Gamit ang mga tool na ito, nakapagsumite ang publiko ng 99 na mapa ng

distrito at 162 entry para sa mga komunidad na nakabatay sa interes sa Task Force para sa konsiderasyon.

Nakatanggap din ang Task Force ng pampublikong testimonya sa iba pang paraan.

Nakapagbigay ang publiko ng pasalitang pampublikong komento sa mga pulong ng Task Force, nakapagsumite sila ng mga nakasulat na liham at mga iginuhit na mapa sa pamamagitan ng mail o nang personal, nakapagpadala sila ng mga email sa isang nakalaang email inbox para sa Task Force. Hindi tulad ng mga naunang iterasyon ng Task Force, hindi nagtakda ng deadline ang Task Force na ito sa pagsusumite ng mga mapa at komunidad na nakabatay sa interes at patuloy itong tumanggap ng mga pampublikong komento, mapa, at komunidad na nakabatay sa interes hanggang sa katapusan ng proseso ng muling pagdidistributo. Sa katapusan ng Abril 2022, nakatanggap ang Task Force ng mahigit 2,500 nakasulat at pasalitang pampublikong komento.

Nilayon ng Task Force na mapakinggan muna ang bawat distrito at ang mga residente ng mga ito bago gumawa ng mga draft na mapa, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kakayahan ng publiko na magbigay ng testimonya tungkol sa kani-kanilang komunidad at tungkol sa mga komunidad na nakabatay sa interes. Nagpasya rin ang Task Force na magkaroon ng dalawang pulong na partikular sa distrito para sa bawat distritong superbisor — ang unang beses na ginawa ito ng isang Task Force.

Nang sinimulan ang proseso ng pagmamapa noong Pebrero 2022, nagkasundo ang Task Force sa isang iterative (umuulit) na proseso para gumawa ng mga draft na mapa. Magbibigay ang Task Force ng mga partikular na direksyon tungkol sa mga hangganan ng distrito sa Q2, na siyang gagawa ng iba't ibang draft na mapa batay sa mga direksyon para sa susunod na pulong sa pagmamapa. Magpapasa ang Task Force ng isa o higit pang mapa, magbibigay ito ng mga karagdagang direksyon tungkol sa mga hangganan ng distrito, at hihilingin nito sa Q2 na gumawa ng susunod na hanay ng mga mapa para sa susunod na pulong sa pagmamapa. Uulitin ang prosesong ito hanggang sa magkaroon ng mapa ang Task Force bilang Draft na Pinal na Mapa. Bukod pa sa mga direksyong ito, nagsagawa rin ang Task Force ng maraming live na session sa pagguhit ng mga linya, kabilang ang lahat ng pulong sa mga huling ilang linggo, kaya nakita ng publiko ang gawain, naunawaan nila ang paglipat ng mga hangganan ng distrito, at nasaksihan nila ang kanilang impact sa iba pang distrito nang real time. Sa kabuuan ng prosesong ito, patuloy na nakatanggap ang Task Force ng testimonya mula sa publiko.

Gamit ang prosesong ito, maraming working map ang naipasa at naisaayos ng Task Force. May ipinasang Draft na Pinal na Mapa noong Abril 10, 2022, pero hindi pinagtibay bilang Pinal na Mapa. Kaya naman nagpatuloy ang Task Force sa gawain nito at nagpasa ito ng bagong Draft na Pinal na Mapa noong Abril 21, 2022, na pinagtibay bilang Pinal na Mapa ng 2021–2022 Task Force para sa Muling pagdidistributo ng San Francisco noong Abril 28, 2022.

## **VII. Mga Konsiderasyon sa Distritong Superbisor**

Para sa bawat Distritong Superbisor, ikinonsidera ng Task Force para sa Muling pagdidistributo ang mga heograpikong isyung nakalista sa ibaba.

- **Distrito 1**

- Anza Vista: kung isasama ba sa D1 o D2, o hahatiin sa dalawang distrito
  - Golden Gate Park: kung ilalagay ba ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
  - Jordan Park: kung isasama ba sa D1 o D2
  - Lone Mountain: kung isasama ba sa D1 o D2, o hahatiid sa dalawang distrito
  - Hilaga ng Lake Street: kung isasama ba sa D1 o D2
  - Panhandle: kung isasama ba sa D1 o D5 ang lokasyon sa kanluran ng Masonic
  - Presidio Terrace: kung isasama ba sa D1 o D2, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Seacliff: kung isasama ba sa D1 o D2
- **Distrito 2**
    - Anza Vista: kung isasama ba sa D1 o D2, o hahatiin sa dalawang distrito
    - Aquatic Park: kung isasama ba sa D2 o D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Cathedral Hill / Jefferson Square Park / Margaret Haywood Playground: kung isasama ba sa D2 o D5, o hahatiin sa dalawang distrito
    - Fishermans Wharf: kung isasama ba sa D2 o D3 ang lokasyon sa kanluran ng Leavenworth at Columbus
    - Japantown / Western Addition: saan ilalagay ang hangganan sa pagitan ng D2 at D5, lalo na para sa Booker T. Washington Community Service Center, Hamilton Recreation Center, mga proyekto ng Awtoridad sa Pabahay, mga site ng Japantown na may kultural na kahalagahan, Rosa Parks Elementary School, Sequoias senior living facility, Western Addition Branch Library, at Westside Courts
    - Jordan Park: kung isasama ba sa D1 o D2
    - Lone Mountain: kung isasama ba sa D1 o D2, o hahatiid sa dalawang distrito
    - Hilaga ng Lake Street: kung isasama ba sa D1 o D2
    - Panhandle: kung isasama ba sa D2 o D5 ang lokasyon sa silangan ng Masonic
    - Polk Gulch: kung isasama ba sa D2 o D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Presidio Terrace: kung isasama ba sa D1 o D2, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Russian Hill: kung isasama ba sa D2 o D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Seacliff: kung isasama ba sa D1 o D2
  - **Distrito 3**
    - Aquatic Park: kung isasama ba sa D2 o D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - East Cut / Rincon Hill: kung isasama ba sa D3 o D6
    - Financial District: kung isasama ba sa D3 o D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Fishermans Wharf: kung isasama ba sa D2 o D3 ang lokasyon sa kanluran ng Leavenworth at Columbus
    - Lower Nob Hill: kung ilalagay ba ang hangganan sa pagitan ng D3 at D6 sa Post, Geary, o O'Farrell
    - Polk Gulch: kung isasama ba sa D2 o D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Lower Polk Street Corridor: kung isasama ba sa D3 o D6
    - Russian Hill: kung isasama ba sa D2 o D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito



- South of Market: kung isasama ba sa D3 o D6 ang lokasyon sa hilagang silangan ng 2nd Street
  - Tenderloin: kung isasama ba sa D3, D5, o D6, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Treasure Island / Yerba Buena Island: kung isasama ba sa D3 o D6
- **Distrito 4**
    - Golden Gate Park: kung ilalagay ba ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
    - Inner Sunset: kung isasama ba sa D4, D5, o D7, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Lakeshore / Merced Manor: kung isasama ba sa D4 o D7
- **Distrito 5**
    - Ashbury Heights / Cole Valley: kung isasama ba sa D5 o D8
    - Cathedral Hill / Jefferson Square Park / Margaret Haywood Playground: kung isasama ba sa D2 o D5, o hahatiin sa dalawang distrito
    - Central SoMa: kung isasama ba sa D5 o D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Civic Center: kung isasama ba sa D5 o D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Golden Gate Park / Kezar Stadium: kung ilalagay ba ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
    - Haight-Ashbury: kung isasama ba sa D5 o D8
    - Hayes Valley / The Hub: kung isasama ba sa D5, D6, o D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Japantown / Western Addition: saan ilalagay ang hangganan sa pagitan ng D2 at D5, lalo na para sa Booker T. Washington Community Service Center, Hamilton Recreation Center, mga proyekto ng Awtoridad sa Pabahay, mga site ng Japantown na may kultural na kahalagahan, Rosa Parks Elementary School, Sequoias senior living facility, Western Addition Branch Library, at Westside Courts
    - Lower Haight: kung isasama ba sa D5 o D8, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Mid-Market: kung isasama ba sa D5 o D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Mint Hill: kung isasama ba sa D5 o D8, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Panhandle: kung isasama ba sa D1, D2, o D5, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Parnassus Heights: kung isasama ba sa D5, D7, o D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Tenderloin: kung isasama ba sa D3, D5, o D6, o kung hahatiin sa mga distritong ito
- **Distrito 6**
    - Chase Center: kung isasama ba sa D6 o D10
    - Civic Center: kung isasama ba sa D5 o D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Dogpatch / Central Waterfront: kung isasama ba sa D6 o D10
    - East Cut / Rincon Hill: kung isasama ba sa D3 o D6

- Financial District: kung isasama ba sa D3 o D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Hayes Valley / The Hub: kung isasama ba sa D5, D6, o D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Mission Bay: kung isasama ba ang iba't ibang bahagi sa D6 o D10
  - Potrero Hill: kung isasama ba sa D6, D9, o D10, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Showplace Square: kung isasama ba sa D6 o D10, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - South of Market: kung isasama ba ang iba't ibang bahagi sa D3, D5, o D6
  - Tenderloin / Transgender Cultural District: kung isasama ba sa D3, D5, o D6, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Treasure Island / Yerba Buena Island: kung isasama ba sa D3 o D6
- **Distrito 7**
    - Golden Gate Park: kung ilalagay ba ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
    - Inner Sunset: kung isasama ba sa D4, D5, o D7, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Lakeshore / Merced Manor: kung isasama ba sa D4 o D7
    - Ocean Avenue corridor: kung ilalagay ba ang lahat sa D7, o hahatiin sa D7 at D11
    - Parnassus Heights: kung isasama ba sa D5, D7, o D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Upper Market: kung isasama ba sa D7 o D8
- **Distrito 8**
    - Ashbury Heights / Cole Valley: kung isasama ba sa D5 o D8
    - Hayes Valley / The Hub: kung isasama ba sa D5, D6, o D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Kezar Stadium: kung isasama ba sa D5 o D8
    - Guerrero / Valencia: kung ilalagay ba ang hangganan sa pagitan ng D8 at D9
    - Mint Hill: kung isasama ba sa D5 o D8, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Mission Dolores: kung isasama ba sa D8 o D9, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Parnassus Heights: kung isasama ba sa D5, D7, o D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Upper Market: kung isasama ba sa D7 o D8
- **Distrito 9**
    - Guerrero / Valencia: kung ilalagay ba ang hangganan sa pagitan ng D8 at D9
    - Mission Dolores: kung isasama ba sa D8 o D9, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - McLaren Park: kung ilalagay ba ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D9, D10, D11)
    - Ocean Avenue corridor: kung ilalagay ba ang lahat sa D7, o hahatiin sa D7 at D11
    - Portola: kung isasama ba sa D9 o D10

- Potrero Hill: kung isasama ba sa D6, D9, o D10, o kung hahatiin sa mga distritong ito
- University Mound: kung isasama ba sa D9, D10, o D11, o kung hahatiin sa mga distritong ito
- **Distrito 10**
  - Chase Center: kung isasama ba sa D6 o D10
  - Dogpatch / Central Waterfront: kung isasama ba sa D6 o D10
  - McLaren Park: kung ilalagay ba ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D9, D10, D11)
  - Mission Bay: kung isasama ba ang iba't ibang bahagi sa D6 o D10
  - Portola: kung isasama ba sa D9 o D10
  - Potrero Hill: kung isasama ba sa D6, D9, o D10, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Showplace Square: kung isasama ba sa D6 o D10, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - University Mound: kung isasama ba sa D9, D10, o D11, o kung hahatiin sa mga distritong ito
- **Distrito 11**
  - Ocean Avenue corridor: kung ilalagay ba ang lahat sa D7, o hahatiin sa D7 at D11
  - McLaren Park: kung ilalagay ba ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D9, D10, D11)
  - University Mound: kung isasama ba sa D9, D10, o D11, o kung hahatiin sa mga distritong ito

### **VIII. Mga Paglihis ng Distritong Superbisor na Lampas sa 1% ng Mean**

Sampung distritong superbisor (lahat maliban sa Distrito 3\*) ang may mga paglihis ng populasyon mula isa hanggang limang porsyento ng statistical mean ng 79,545 tao. Kailangan ang mga paglihis para mapanatiling buo ang mga kinikilalang komunidad. Nakalista sa ibaba ang mga kinikilalang komunidad.

- **Distrito 1 (-4.80%)**
  - Inner Richmond
  - Lake Street
  - Lincoln Park / Fort Miley
  - Presidio Terrace
  - Outer Richmond
  - Seacliff
  - Sutro Heights
- **Distrito 2 (-4.52%)**
  - Aquatic Park / Fort Mason

---

\* Ang Distrito 3 ay may paglihis ng populasyon na -0.31%. Ang mga kinikilalang komunidad na ganap na nasa loob ng Distrito 3 ay Chinatown, Lower Nob Hill, Nob Hill, Northern Waterfront, Polk Gulch, at Telegraph Hill.

- Cow Hollow
- Laurel Heights / Jordan Park
- Marina
- Presidio Heights
- Presidio National Park
- Union Street
- **Distrito 4 (-4.46%)**
  - Outer Sunset
  - Parkside
- **Distrito 5 (+4.98%)**
  - Alamo Square
  - Haight-Ashbury
  - Hayes Valley
  - Lower Haight
  - Panhandle
- **Distrito 6 (-4.45%)**
  - Mission Bay
  - Rincon Hill
  - Showplace Square
  - South Beach
  - Treasure Island
  - Yerba Buena Island
- **Distrito 7 (-1.08%)**
  - Balboa Terrace
  - Forest Hill
  - Forest Knolls
  - Golden Gate Heights
  - Laguna Honda
  - Ingleside Terraces
  - Inner Sunset
  - Miraloma Park
  - Monterey Heights
  - Mt. Davidson Manor
  - Parkmerced
  - Sherwood Forest
  - St. Francis Wood
  - West Portal
  - Westwood Highlands
  - Westwood Park
- **Distrito 8 (+4.87%)**
  - Ashbury Heights
  - Castro

- Cole Valley
- Corona Heights
- Diamond Heights
- Eureka Valley
- Fairmount
- Glen Park
- Upper Market
- **Distrito 9 (+2.54%)**
  - Bernal Heights
  - Peralta Heights
- **Distrito 10 (+3.27%)**
  - Apparel City
  - Bayview
  - Bret Harte
  - Candlestick Point SRA
  - Central Waterfront
  - Dogpatch
  - Hunters Point
  - India Basin
  - Produce Market
  - Silver Terrace
  - Sunnydale
  - Visitacion Valley
- **Distrito 11 (+3.95%)**
  - Cayuga
  - Crocker Amazon
  - Excelsior
  - Ingleside
  - Mission Terrace
  - Oceanview
  - Outer Mission

## **IX. Mga Aral na Natutunan at Rekomendasyon**

Matindi ang naging epekto ng pandaigdigang COVID-19 pandemic sa Task Force, kaya naman napilitan itong kumilos sa mga paraang hindi pa nasusubukan dati na posibleng hindi makaapekto sa mga susunod na iterasyon ng Task Force. Halimbawa, dahil sa pagkaantala ng datos ng census, naantala rin ang kakayahan ng Task Force na magtipon sa loob ng ilang buwan kumpara sa mga naunang iterasyon, Setyembre 2021 na noong una itong nakapagpulong. Remote ang lahat ng naging pulong ng Task Force bago ang Marso 7, 2022 dahil sa mga utos ng Mayor sa pampublikong kalusugan. Dahil dito at sa sunod-sunod na wave ng pandemic, naantala ang kakayahan ng mga miyembro ng Task Force na magsagawa ng mga pulong sa mga iba't

ibang distrito at komunidad ng San Francisco, kung saan marami sa mga ito ay nahihirapan na dahil sa pandemic.

Sa kabila ng pandemic, ginawa ng Task Force ang makakaya nito para maisakatuparan ang kanyang tungkulin sa ilalim ng mahirap na sitwasyon. Sa pamamagitan ng karanasan at pagbabalik-tanaw, inirerekomenda ng Task Force ang mga sumusunod para sa mga iterasyon ng Task Force sa hinaharap.

- **Pagsisimula nang maaga:** Dapat magsimula ang Task Force nang maaga hangga't posible sa kalendaryo at Charter, at lalo na bago matanggap ang datos ng Census. Maraming gawaing hindi nakadepende sa datos ng census, gaya ng pagpapatibay ng mga panuntunan; pagsasapinal ng mga pulong ng distrito at iskedyul; pagsasanay sa pagmamapa; pag-alam sa mga legal na tungkulin at pangangailangan; paggawa ng mga istrategiya sa outreach; at pagtatakda ng mga pulong ng distrito. Higit sa lahat, sa pamamagitan ng pagsisimula nang maaga, nagkakaroon ng kakayahan ang Task Force na magsimula sa mahahalaga nitong tungkulin nang maaga, gaya ng pagsasagawa ng mga pulong sa komunidad at pagtalakay sa mga draft na mapa.
- **Maagang pagpapalano:** Ang mga unang pulong ng Task Force ay kinakitaan ng mga matagalang talakayan tungkol sa paggawa ng mga panuntunan at iskedyul ng pulong. Nakikinabang ang bawat bagong iterasyon ng Task Force sa institusyunal na kaalaman ng Tanggapan ng Clerk, Tanggapan ng Abugado ng Lungsod, at iba pang ahensya at departamento ng Lungsod na sumuporta sa mga naunang Task Force. Sa halip na harapin ng mga bagong miyembro ng panel ng Task Force ang mga isyu gaya ng mga panuntunan at iskedyul nang walang mahalagang konteksto, dapat ipresenta ang mga draft na panuntunan, mga pansamantalang iskedyul, at mga panukalang timeline sa susunod na iterasyon ng Task Force para makonsidera ang mga ito sa unang pulong.

Gaya ng nabanggit dati, dapat ding makatanggap ng pagsasanay ang Task Force sa pagmamapa nang maaga sa proseso ng muling pagdidistrito sa halip na hintaying magsimula ang mga pulong sa pagmamapa. Ang San Francisco ay isang magkakaibang lungsod na may maraming kapitbahayan, mga komunidad na nakabatay sa interes, at mga pananaw, at mapapakinabangan ng mga miyembro ng Task Force ang karanasan sa paggamit ng mga tool sa pagmamapa, pagsusuri sa mga iterasyon ng distrito, at pag-unawa sa proseso ng pagguhit ng linya kapag ganap nang nasimulan ang mga pulong sa pagmamapa.

- **Direktang suporta:** Bagama't lubos na nagpapasalamat ang Task Force sa suportang natanggap nito mula sa Tanggapan ng Clerk at iba pang ahensya ng Lungsod, ang pagkakaroon ng mga tauhan at mga mapagkukunan ay palaging alalahanin. Mahabang oras ang ginugol ni Vice Chair Ditka Reiner sa pangangasiwa sa napakaraming pangangailangan sa operasyon ng Task Force at pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Clerk. Marami ring nagamit na sariling mapagkukunan ang Tanggapan ng Clerk sa pagsuporta sa gawain ng Task Force, na labis pang tumaas noong umusad na ang proseso ng muling pagdidistrito, kaya naman nabanat nang husto ang lahat. Dahil sa papalawak na access ng publiko sa mga proseso ng pamahalaan, sapat dapat ang magamit ang mga napagkukunan ng susunod na Task Force para maisakatuparan ang mga tungkulin nito sa

publiko.

Sang-ayon ang Task Force sa rekomendasyon ng tanggapan ng Clerk na kapag nagpatawag na ng susunod na iterasyon ng Task Force, dapat gumawa ang Lungsod ng pansamantalang departamento o dibisyon para suportahan ang Task Force at mga pangangailangan nito. Ang naturang departamento o dibisyon ay mayroon dapat na bayad na chief of staff, nakalaang suportang administratibo, media coordinator, at eksperto sa Sunshine Ordinance para pamahalaan ang iba't ibang kahilingang puwedeng idirekta sa Task Force sa mga pinakaabalang panahon nito. Dapat ding maglaan ng higit pang pondo ang Lupon ng Mga Superbisor sa simula pa lang sa halip na kumuha ang Task Force ng limitadong pondo mula sa Tanggapan ng Clerk at Departamento ng Eleksyon para matugunan ang mga pangangailangan sa paglahok ng publiko, gaya ng nangyari sa iterasyong ito at sa mga nauna pang iterasyon ng Task Force.

- **Mga Clerk:** Pinasasalamatang ang Task Force ang clerk nito na si John Carroll para sa kanyang mga pagsisikap at dedikasyon sa pagtulong sa Task Force na maisakatuparan ang mga tungkulin nito. Gayunpaman, masyadong malaki ang kinakailangang oras at enerhiya sa pagsuporta sa Task Force para sa iisang tao lang, at kailangan ang mas maraming tauhan at suporta. Dalawa ang clerk na sumuporta sa Task Force noong 2011–2012. Kung hindi tatanggapin ng Lungsod ang pagtatatag ng isang mas mahusay na balangkas ng suporta para sa mga susunod na iterasyon ng Task Force (tingnan sa itaas), dapat ay magkaroon ng kahit man lang dalawang clerk ang Task Force para sapat na makatulong sa gawain nito, kung saan ang isang tao ay nakatalaga sa mga isyu sa dokumento, kasunduan, at Mga Katitikan ng Pulong.
- **Mga Pulong:** Sa gabi isinagawa ang karamihan sa mga pulong. Bagama't ang pagsisimula ng mga pulong sa huling bahagi ng araw ang nagbigay-daan para makadalo ang mga miyembro ng Task Force sa mga pulong at makasali ang mas maraming miyembro ng publiko, gabing-gabi na natatapos ang mga pulong na nagsimula sa huling bahagi ng araw. Dapat na ikonsidera ng lubos ang mga susunod na iterasyon ng Task Force ang pagsisimula ng mga pulong sa umaga, dahil mas makakalahok sa proseso ang lahat kung magiging maaga ang pagsisimula.

Dapat ding ayusin ang haba ng oras ng mga pulong. May ilang pulong na lumampas ng sampung oras, at ang pinakamahabang pulong ay tumagal nang halos dalawampung oras, na hindi katanggap-tanggap sa kahit na anong pamantayan. Dapat ikonsidera ng mga susunod na iterasyon ng Task Force ang iba't ibang paraan ng pagpapatakbo ng pulong sa mas mabisang paraan habang hindi isinasantabi ang masiglang paglahok, kabilang ang mga mas nakatuong pampublikong komento, mas mahusay na pangangasiwa sa mga talakayan at aksyon, at maging pagpapahinga at pagpapatuloy kinabukasan kung kailangan.

- **Outreach:** Nakaapekto nang masama ang COVID-19 pandemic sa mga kakayahan ng Task Force, sa consultant nito na Civic Edge Consulting, at sa mga interesadong partido sa pagsasagawa ng mahahalagang outreach sa komunidad. Gayunpaman, pundamental na bahagi ng proseso ng muling pagdidistributo ang pakikipag-ugnayan sa publiko at mahalaga itong gawin, anuman ang mga hamon. Dapat magsagawa ng masinsing

outreach ang susunod na iterasyon ng Task Force sa mga iba't ibang komunidad ng San Francisco, kabilang ang pagsasagawa ng pinakamaraming event, pulong, at presentasyon hangga't maaari.

Ang 2021–2022 Task Force ang unang Task Force na nagpanatili ng outreach consultant. Isinagawa ito kaugnay ng payo mula sa 2011–2012 Task Force, na nagrerekomenda ng pagkakaroon ng outreach consultant para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad. Gayunpaman, maraming pulong sa Task Force ang ginugol sa pag-unawa ng tungkulin ng outreach consultant na ito at pagresolba sa mga pagkakaiba sa pagitan ng kinontratang saklaw ng gawain ng consultant at mga inaasahan ng mga miyembro ng Task Force. Dala ng karanasan, inirerekomenda ng Task Force na para sa mga susunod na iterasyon ng Task Force, ang mga nauugnay na lupon ng Lungsod ay dapat magtakda ng mas malilinao na inaasahan para sa outreach na mas naaangkop sa mga pangangailangan sa proseso ng Muling pagdidistrito.

- **Pagsasarili ng Task Force:** Bilang pampamahalaang lupon, gumagawa ng mga konsiderasyon at desisyon ang Task Force na humihimok ng mga madamdaming diskusyon at maiinit na debate. Tinatanggap ng Task Force ang matinding interes ng publiko at pagsisiyasat sa gawain nito. Gayunpaman, nakaranas din ito ng napakaraming pag-atake laban sa pagsasarili nito mula sa mga politikal na aktor na may gustong partikular na resulta. Ang mga aksyong ito, kabilang ang pagtatangkang alisin ang tatlong itinalaga ng Komisyon sa Eleksyon, ang nagpapatingkad sa pangangailangan sa mga mekanismong poprotekta sa Task Force laban sa labis-labis at hindi karapat-dapat na impluwensya. Dapat ikonsidera ang mas mahihigpit na hakbang para protektahan ang mga susunod na iterasyon ng Task Force mula sa mga ganitong pag-atake.

Isa pa, hindi rin dapat makaranas ang mga susunod na iterasyon ng Task Force ng mga racist, mapanghusga, malisyoso, at iba pang personal na atake at banta gaya ng natanggap ng Task Force na ito dahil sa pagsasagawa ng mga tungkulin nito para sa mga tao sa San Francisco. Ang mga ganitong hindi karapat-dapat na pagtatangkang takutin ang Task Force ay walang puwang sa pampublikong diskurso. Dapat bumuo ng mas magagandang paraan para pigilan ang mga hindi naaangkop na komento at para protektahan ang lahat ng lingkod-bayan na nagboluntaryo para sa mahirap na trabahong ito.

- **Komposisyon ng Task Force:** Para patibayin at protektahan ang pagsasarili ng Task Force laban sa hindi naaangkop na pampulitikang impluwensya, dapat magsagawa ng pagsusuri sa komposisyon ng Task Force, kabilang ang proseso ng pagpili ng miyembro at mga paraan para maiwasan ang mga posibleng salungatan ng interes. Dapat tingnan ng pagsusuri kung nararapat bang isagawa ang mga proseso ng pagtatalaga na ginagamit din sa California Citizens Redistricting Commission, pero walang anumang pakikilahok ng mga halal na opisyal, at kung patitibayin ba nito ang pagsasarili ng Task Force.

Kasalukuyang walang alituntunin sa kung sino ang puwedeng maging miyembro ng Task Force, kaya vulnerable ang Task Force sa mga posibleng salungatan ng interes. Ibig sabihin, dapat ikonsidera ang mga minimum na kuwalipikasyon at restriksyon gaya ng ipinapatupad sa California Citizens Redistricting Commission. Para mas maiwasan pa ang mga posibleng salungatan ng interes, dapat ikonsidera ng naturang pagsusuri ang



mga restriksyon sa mga taong direktang nakakatanggap ng mga discretionary na grant o pondo mula sa Lungsod o kaya ay konektado sa mga for-profit o nonprofit na entity na nakakatanggap ng mga ganito.

- **Mga kahaliling miyembro:** Dapat ikonsidera ng mga susunod na iterasyon ng Task Force ang pagkakaroon ng mga kahaliling miyembrong puwedeng gumanap sa tungkulin ng bumobotong miyembro ng Task Force na hindi na kayang magsilbi. Dapat matugunan ng mga kahaliling miyembrong ito ang mga kaparehong kinakailangan na hinihingi sa mga bumobotong miyembro at dapat silang piliin bago ang unang pulong ng Task Force.

## **X. Pagtatapos**

Nagtipon ang Task Force para magsagawa ng pansibikong tungkuling nakasaad sa Charter. Sa gitna ng pandaigdigang pandemic at mga sitwasyong hindi pa nasaksihan dati, nagawa ng Task Force ang responsibilidad nito sa mga tao sa San Francisco sa pamamagitan ng pagkonsidera sa datos, pakikipag-ugnayan sa mga komunidad, at pagpapatibay sa Pinal na Mapa na nagtatakda ng mga hangganan ng distritong superbisor para sa susunod na sampung taon. Pinasasalamatan ng Task Force ang mga tao sa Lungsod at County ng San Francisco para sa karangalang mapaglingkuran sila sa ganitong paraan at sa kanilang pakikilahok sa mahalagang prosesong ito.